



# LISTAHAN NG PAGPAPANATILI SA BAHAY



**TAKE WINTER  
BY STORM**

**Ang iyong bahay ay higit pa sa isang simpleng puhunan: Ito'y tahanan mo. Kaya't natural lamang na nais mong alagaan ito. Maglaan ng panahon para ihanda ang iyong tahanan bago dumating ang taglamig na panahon. Ihanda ang lahat para sa mga darating na malalamig na buwan.**

- Lumikha at sundan ang isang weatherization (paghahanda para sa padating na panahon)/pamamahala sa panganib na plano para sa iyong tahanan o ari-arian (tulad ng nasa ibaba) para mapakaunti ang mga epekto ng bagyo at sundan ito bawat taon sa umpisa ng panahon ng bagyo.
- Magsagawa ng mga taunang pagrerepaso sa insurance (kaseguruhan) ng iyong ari-arian upang maunawaan at matugunan ang mga pangangailangan sa coverage (nasasakop). Magtanong ukol sa insurance (kaseguruhan) sa baha o coverage (nasasakop) para sa pa-agusan o sewer/pa-agusan para sa bago na pamalit.
- Magtapos ng isang detalyadong imbentaryo sa bahay ng iyong mga ari-arian at itabi ito sa isang ligtas na lugar na malayo sa bahay mo (tulad ng ligtas na kahon para sa deposito). Mahahanap mo ang mga maaaring ma-download na pormularyo sa [TakeWinterByStorm.org](http://TakeWinterByStorm.org).

*Habang mahalagang gawin buong taon ang pangkalahatang pagpapanatili sa bahay, may mga mas partikular na pagsisikap na ayusin na dapat mong pagtuunan ng pansin para maprotektahan ang iyong bahay habang mga buwan ng taglamig. Ang mga patnubay na ito ay makakatulong sa iyong maging ligtas sa panahon ng taglamig sa pamamagitan ng isang maayos na bahay.*

## Bubong, Attic at Mga Kanal

- Tingnan kung sa iyong bubong ay may maluluwag, kulang, luma, o sirang mga shingles at tiyakin na ang flashing ay mainam na nakakabit sa mga vent at chimney (pausukan) para maalis ang mga lumilipad na basura at mabawasan ang posibilidad ng pagkakapinsala sanhi ng tubig.
- Inspeksyunin ang insulasyon sa iyong attic at crawl space (espasyo na magagapangan). Tapalan ang mga lugar sa palibot ng mga recessed light (ilaw na nakakabit sa isang hugis lata na lalagyan), mga pinto ng attic, at mga vent ng tubo na maaaring nagpapapalabas sa mainit na hangin mula sa sala na nasa ibaba papunta sa attic.
- Ang mga kanal ay dapat na malinis, ayos ang pagkakatuwid, at mainam na nakakabit. Inspeksyunin ang mga kanal ng ilang beses habang mga buwan ng fall at winter lalo na kung maraming mga puno na pumapalibot sa iyong bahay.
- Ang mga kanal at pababang palabasan ng tubig ay dapat na nagbubuhos ng tubig papalayo mula sa pundasyon, at papalayo rin mula sa mga daanan na nilalakaran at ng sasakyan, para hindi maging madulas at magyelo ang mga ito.

## Mga Panlabas na Pader at Framing

- Tingnan ang mga soffit, mga tagiliran, mga gawa sa brick o laryo na pader, trim at flashing kung may mga pinsala, maluwang, nakapilipit, at naaagnas.
- Tingnan kung may sira sanhi ng anay at mga senyas ng iba pang mga insekto o rodents.
- Huwag pahintulutan na maipon ang snow sa mga ibabaw ng mga gamit na maaaring masira o magiba.

## Mga Pundasyon at Basement

- Tingnan ang pundasyon kung may mga senyas ng pagkasira, tuad ng pag-usli o pagbabago. Ipa-inspeksyunan mula sa isang propesyonal ang mga lamat o bitak na higit sa 1/8 pulgada ang lapad.
- Tingnan ang pundasyon kung may maliliit na bitak o bukasang kung saan maaaring makapasok ang mga daga o iba pang maliliit na hayop. Ang taglamig ay ang panahon kung saan naghahanap sila ng init sa looban, kaya't takpan ang anumang mga posibleng pagpasukan.
- Tingnan sa iyong basement (silong) at mga crawl spaces (mga espasyo na magagapangan) para sa maumidong hangin at tulo. Ang mga naipong tubig ay maaaring isang senyas ng hindi wastong daluyan o agusan ng tubig, na maaaring magpahina sa pundasyon.
- Subukan ang iyong sump pump bago ang simula ng panahon ng tag-ulan o taglamig. Ikonsidera ang pagkakabit ng mga pamalit na umaandar sa baterya na sump pump para protektahan laban sa kawalan ng kuryente o di paggana ng makina ng pangunahing pump.

## Usok at Carbon Monoxide na Detektor

- Tingnan kung ang mga detektor ay gumagana; baguhin ang mga baterya ng kahit man lang isang beses sa isang taon.
- Palitan ang mga yunit tuwing walong taon.



# LISTAHAN NG PAGPAPANATILI SA BAHAY



**TAKE WINTER  
BY STORM**

## Mga Pintuan at Bintana

- Tingnan kung ang iyong mga bintana ay may nakakapasok na malamig na hangin na maaaring makompromiso ang kakayahan ng iyong heater. Kung walang kang dobleng patong na mga bintahan, alisin ang mga tabing at magkabit ng mga storm window (bintana para sa bagyo) para matiyak na ang init ay nananatili sa loob at nasa labas ang lamig. Ang isang murang alternatibo ay ang paglalagay ng plastic-film (plastik na balok) na sheet kit (takip na kasangkapan) sa palibot ng bintana para maiwasang makalabas ang init. Siguraduhin na natingnan mo din ang mga pintuan.
- Palitan ang pikpik (caulk) at ang nasira na sanhi ng panahon na hindi na nakalapat.
- Magdagdag ng mga deadbolt na kandado sa lahat ng mga panlabas na pintuan, kasama na ang pintuan sa pagitan ng garahe at ng iyong bahay. Gumamit ng mabigal na metal strike plate na may tatlong pulgadang turnilyo at Grade 1 na mga deadbolt para sa pinakamataas na antas ng proteksyon.

## Pagtutubero

- Ang mga tubo na natatagpuan sa mga attic, mga crawl space (espasyo na magagapangan), mga basement (silong), at malapit sa mga panlabas na pader ay maaaring madaling magyelo kapag sukduhan ang baba ng temperatura. Lagyan ng wastong insulasyon ang mga nakalantad na tubo ng tubig para protektahan ang mga ito mula sa pagyelo at pagsabog. Isipin ang pagpapalit sa mga panlabas na gripo gamit ang mga frost-proof (hindi nagyeyelo) na modelo.
- Tingnan ang iyong pampainit ng tubig. Ang karamihan sa mga pampainit ng tubig ay tatagal nang hanggang 12 taon. Ang mga basang lugar sa sahig o mga may kalawang na tangke ay maaaring isang senyas ng problema. Ang mga pampainit ng tubig ay dapat nakakabit sa pinakamababang bahagi ng bahay at parating matatagpuan malapit sa paagusan sa sahig.
- Balutan ang mga panlabas na tubo at gripo ng mga materyal para sa insulasyon o mga hindi mamahalin na dome kit.
- Tingnan sa palibot at sa ilalim ng mga aparato at kagamitan kung may mga tulo o luma. Tingnan ang mga pansarang valve (balbula) at lahat ng mga kagamitan at pangunahing linya ng tubig taon-taon.
- Palitan ang hose ng makinang panlaba tuwing tatlo hanggang limang taon.

## Mga Dekoryente at Demakina na mga sistema at Mga Serbisyong Pampubliko (Gas, Kuryente, Tubig atbp.)

- Patingnan sa isang propesyonal ang iyong air conditioning (pampalamig) at furnace (pugon). Ikonsidera ang pagpapalinit ng iyong mga air duct (daanan ng hangin) at palitan ang mga filter (panala).
- Patingnan sa isang electrician ang iyong dekokoryente na sistema.
- Isulpak ang mga sensitibong de kuryenteng gamit at aparato sa isang UL-na nakalista na surge protector power strip.
- Linisin ang pampatuyo ng damit na exhaust duct at ang damper, at espasyo sa ilalim ng pampatuyo.
- Hanapin ang mga patayan na valve (balbula) ng kuryente, gas at tubig. Itabi ang mga kailangang kagamitan malapit sa mga patayan na valve (balbula) ng gas at tubig at turuan ang mga miyembro ng pamilya kung paano isara ang mga ito. Kung buksan mo ang gas, ang isang kinatawan mula sa iyong natural gas na serbisyong pampubliko ang kailangang magbukas nito pabalik. Huwag subukan na gawin ito nang mag-isa.
- Linisin ang snow paalis mula sa mga metro o kuntador at malayo mula sa mga bintana ng basement (silong) at ng exhaust vent ng iyong pampatuyo.

## Landscaping (pagpapaganda ng lupain), Daanan at Mga Beranda

- Kalaykayin ang mga dahon palayo mula sa mga agusan ng tubig at panatilihin malinis ang mga ito upang maiwasan ang pagbabaha sa mga klaye at mapinsal ang personal na ari-arian. Kunin ang mga naipong dahon at itapon sa mga sisidlan para sa basurang mula sa hardin para sa tamang paraang ng pag-recycle (paggamit muli).
- Ang mga puno ay dapat na malulusog at nakalagay sa isang ligtas na kalayuan mula sa bahay. Putulan ang mga madahon na sangay palayo sa tagiliran para maiwasan ang pinsala sanhi ng insekto at tubig. Ang mga mayelong kondisyon ay maaaring maging sanhi ng pagsira ng mga sangay at makakapinsala sa iyong tahanan.
- Tingnan kung ang pantakip na dayumi sa halaman at lupa ay walong pulgada sa ibaba ng tabi.
- Tanggalin ang dahon-dahon na nakakasagabal sa mga daan na nilalakaran.
- Tingnan ang mga modelo ng daluyan ng tubig bagyo sa mga matitirik na lugar malapit sa iyong bahay, at tandaan kung saan dumadaloy ang tubig.
- Ayusin ang antas ng ari-arian para ang tubig ay dadaloy papalayo mula sa pundasyon at mga bagsakan ng tubig mula sa iyong bahay papunta sa sistema ng paagusan kapag may bagyo.
- Tingnan ang mga bundukin sa palibot ng iyong tahanan para sa anumang hudyat ng paggalaw ng lupain, tulad ng maliit na pagguho ng lupa, mga pagbagsak ng maliit na bato o patuloy na tumatagilid na mga puno. Makipag-ugnayan sa iyong lokal na geotechnical o estruktural na inhinyero para matiyak ang kalubhaan ng problema.
- Tingnan kung may maluluwag na hawakan ng hagdan (handrail), mga banister (barandilya) at takip ng hagdan.
- Ayusin ang mga nakabaluktot o may lamat na daan ng nilalakaran.
- Linisin ang iyong mga sidewalk mula sa snow at yelo gamit ang asin, de-icer (pampatunaw ng yelo) at/o pagpapala ng snow para maiwasan ang mga pinsala sa iyong ari-arian.